



Paano Makaiwas sa isang Panloloko

Makatutulong sa iyong umiwas na mabiktima ng panloloko ang pagkilala sa ganitong mga karaniwang palatandaan ng panloloko.

Apat na Palatandaan Na Isa Itong Panloloko

1. NAGPAPANGGAP ang mga manloloko na mula sa isang organisasyong alam mo.

Madalas na nagpapanggap ang mga manloloko na nakikipag-ugnayan sa iyo para sa gobyerno. Maaari silang gumamit ng totoong pangalan, tulad ng [Social Security Administration](#), ang [IRS](#), o [Medicare](#), o mag-imbento ng pangalan na tunog opisyal. Nagpapanggap ang ilan na mula sa isang negosyong alam mo, tulad ng [kompanya ng utility](#), isang [tech company](#), o kahit isang [charity](#) na humihingi ng donasyon.

Ginagamit nila ang teknolohiya para palitan ang numero ng telepono na makikita sa iyong caller ID. Kaya maaaring hindi totoo ang pangalan at numerong nakikita mo.

2. Sinasabi ng mga manloloko na may PROBLEMA o may PREMYO.

Puwede nilang sabihin na may problema ka sa [gobyerno](#). O [may utang ka](#). O [nagkaroon ng emergency ang isa sa iyong kapamilya](#). O may [virus sa iyong kompyuter](#).

Sinasabi ng ilang manloloko na may [problema sa isa sa iyong mga account](#) at kailangan mong i-verify ang ilang impormasyon.

Magsisinungaling ang iba at sasabihing nanalo ka ng pera sa isang [loterya](#) o [sweepstakes](#) pero kailangan mong magbayad ng isang bayarin para makuha ito.

3. PINUPUWERSA ka ng mga manloloko na kumilos kaagad.

Gusto ng mga manloloko na kumilos ka na bago ka pa magkaroon ng oras na makapag-isip. Kung [nasa telepono](#) ka, puwede nilang sabihin sa iyo na huwag ibaba ang telepono upang hindi mo masuri kung totoo ang kanilang kuwento.

Puwede silang magbanta na aarestuhin ka, idedemanda ka, babawiin ang iyong lisensya sa pagmamaneho o sa negosyo, o ide-deport ka. Puwede nilang sabihin na maco-corrupt ang iyong kompyuter.



4. Sasabihin sa iyo ng mga manloloko na **MAGBAYAD** sa isang partikular na paraan.

Madalas na ipipilit nilang magbayad ka sa pamamagitan ng [pagpapadala ng pera gamit ang isang kompanya ng pagpapadala ng pera](#) o sa pamamagitan ng paglalagay ng pera sa isang [gift card](#) at pagkatapos ay pagbibigay sa kanila ng numero na nasa likuran nito. Padadalhan ka ng ilan ng [tseke](#) (na pagkaraan ay matutuklasang peke), sasabihin sa iyo na ideposito ito, at pagkatapos ay ipadala sa kanila ang pera.

Ano ang Puwede Mong Gawin Para Makaiwas sa isang Panloloko

I-block ang mga hindi inaasahang tawag at text message. Isagawa ang mga hakbang para [i-block ang mga hindi inaasahang tawag](#) at [i-filter ang mga hindi inaasahang text message](#).

Huwag ibigay ang iyong personal o pinansyal na impormasyon bilang tugon sa isang kahilingan na hindi mo inaasahan. Hindi tatawag, mag-e-email, o magte-text ang mga lehitimong organisasyon para hingin ang iyong personal na impormasyon, tulad ng iyong mga numero ng Social Security, bank account, o credit card.

Kung nakatanggap ka ng email o text message mula sa isang kompanya na nakikipagtransaksyon ka at sa tingin mo ay totoo ito, pinakamainam pa rin na huwag i-click ang anumang link. Sa halip, makipag-ugnayan sa kanila gamit ang isang website na alam mong mapagkakatiwalaan. O hanapin ang kanilang numero ng telepono. Huwag tawagan ang numerong kanilang ibinigay o ang numero mula sa iyong caller ID.

Labanan ang puwersang kumilos kaagad. Bibigyan ka ng panahon ng mga lehitimong negosyo na makapagdesisyon. Manloloko ang sinumang pinupuwera kang magbayad o magbigay sa kanila ng iyong personal na impormasyon.

Alamin kung paano ka pinagbabayad ng mga manloloko. Huwag kailanman magbayad sa isang taong pinipilit kang magbayad gamit ang isang gift card o sa pamamagitan ng paggamit ng isang serbisyo sa pagpapadala ng pera. At huwag kailanman magdedeposito ng tseke at magpapadala ng pera sa sinuman.

Tumigil at makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo. Bago ka gumawa ng kahit ano pa man, sabihin sa isang tao — isang kaibigan, kapamilya, kapitbahay — kung ano ang nangyari. Puwedeng makatulong sa iyo ang pakikipag-usap tungkol dito para mapagtanto na isa itong panloloko.

Iulat ang mga Panloloko sa FTC

Kung naloko ka o sa tingin mo ay nakakita ka ng isang panloloko, [iulat ito sa Federal Trade Commission](#).